JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Iksaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (Home Economics)

## Ikatlong Markahan – Modyul 3

## Mga Kagamitan sa Pananahi sa Kamay



Name of Learner: ___________________________
Grade & Section: ___________________________
Name of School : ___________________________

N-AVIGATING
O-PPORTUNITIES TO
R-EENGINEER FOR
T-RANSFORMATION &
E-MPOWERMENT

Service with a Heart

"Be and Do Much Better Each Day with a Sense of Urgency"

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan- Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan-Modyul 3: Mga Kagamitan sa Pananahi sa Kamay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban samodyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Pangkat sa Pagbuo ng Modyul**

**Manunulat:** JOANNE B. BAILO
**Editors:** ANDRES L. MATILA
VIRGILIA L. PERVANDOS
**Tagasuri:** NILDA Y. GALAURA, EdD
**Tagaguhit:** JEZEL JOY CABRERA
MYRLAN R. REALIZA
**Tagapamahala:** SDS: MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V
ASDS: JUDITH V. ROMAGUERA, EdD
ASDS: MA. JUDELYN J. RAMOS, EdD
ASDS: ARMANDO P. GUMAPON, EdD
CID Chief: LILIA E. ABELLO, EdD
LR: EVELYN C. LABAD
PSDS: DANILO B. ALGA

Printed in the Philippines

**Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula**
Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center
Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

## Alamin

Sa yunit na ito ay tatalakayin ang gamit ng mga kagamitan sa pananahi sa kamay. Mahalaga na matutunan mo ang iba't ibang kagamitan sa pagtatahi gamit ang kamay at kung paano ito gagamitin.

**Pamantayang Pangnilalaman**:

- Naipamamalas ang pang-unawa sa batayang konsepto ng "gawaing pantahanan at ang maitutulong nito sa pag-unlad sa sarili at tahanan".

**Pamantayan sa Pagganap:**

- Naisasagawa ng may kasanayan ang mga gawaing pantahanan na makatutulong sa pangangalaga ng pansarili at ng sariling tahanan.

**Pamantayan sa Pagkatuto:**

- Nasasabi ang gamit ng mga kagamitang gamit sa pananahi ng kamay(EPP4HE-0b-3).

## Subukin

A. **Panuto**: Pagtambalin ang mga gamit ng kagamitansa pananahi sa kamay sa **Hanay A** at ang katumbas na kagamitan ng mga ito sa **Hanay B.**

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Ito ay ginagamit para makuha ang wastong laki, taas, haba at lalim ng isang bagay. | A. sewing box |
| 2. Dito nilalagay ang mga gamit sa pananahi. | B. emery bag |
| 3. Paulit-ulit na tinutusok dito ang karayom upang manatiling matulis | C. sinulid |
| 4. Iba't iba ang uri,kulay, laki at dami na maaring gamitin. | D.pincushion |
| 5. Ito ay karaniwang yari sa telang koton na may laman na bulak, kusot o buhok. | E. medida |

**B. Panuto:** Basahing mabuti and mga sumusunod na pahayag**.** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Tinatahi ni Myrna ang punit sa kanyang maong na dyaket. Palagi siyang natutusok sa karayom. Hirap siyang magtahi dahil makapal at matigas ang telang maong. Ano ang dapat niyang gawin?
   A. Pinagtiyagaan ang pagtatahi hanggang sa matapos ito.
   B. Gumamit ng didal na panulak sa karayom sa pagtatahi.
   C. Lagyan ng plaster ang daliri upang kumapal at hindi masasaktan habang nagtatahi.
   D. Itigil ang pagtatahi.
2. Masyadong malapad ang tela para gawing panyo. Ano ang gagawin dito?
   A. Gupitin ang tela gamit ang matalas na gunting.
   B. Gupitin ang tela gamit ang mapurol na gunting.
   C. Hayaang malaki ang tela upang malaki ang magawang panyo.
   D. Maghanap ng mas maliit na tela.
3. Magsusulsi si Adel ng kanyang lumang t-shirt ngunit ang kanilang karayom ay mapurol na.Ano ang gagawin ni Adel sa karayom?
   A. Itusok at hasain ang karayom sa emery bag.
   B. Itusok at hasain ang karayom sa pincushion.
   C. Pagtiyagaang gamitin ang karayom kahit na mapurol na ito.
   D. Palitan ang karayom.
4. Namili ng mga kagamitan sa pananahi sa kamay si Nanay Edna para magamit sa pagkukumpuni ng mga kasuotang may kauntingsira.Ano ang gagawin niya sa mga ito?
   A. Ilagay sa tool box
   B. Ilagay sa cabinet
   C.Ilagay sa sewing box
   D. Ilagay sa bag
5. Tinipon ni Ana ang mga kagamitan sa pananahi upang iligpit sa isang karton o sewing box. Alin ang hindi niya dapat ilagay sa loob ng lalagyan?
   A.gunting   B. hasaan   C. karayom   D. sinulid



## Balikan

Panuto: Iguhit ang masayang mukha  sa patlang kung ang kalagayan ay nagpapakita ng pagpapanatiling malinis ng kasuotan at malungkot na mukha  kung hindi.

______1. Isinabitni Allan sa pako ang hinubad na damit.

______2.Namantsahan ng tsokolate ang puting uniporme ni Marie.Nilabhan niya agad ito at nilagyan ng bleach ang parteng may mantsa.

______3.Naglalaro sa damuhan ang magkaibigang Jane at Yam. Nilagyan nila ng manila paper saka sila umupo.

______4.Naglalaba si Aling Marta. Inihihiwalay niya ang mga puting damit sa

mga damit na may-kulay bago niya binanlawan ang mga ito.
______5.Kumain ng barbecue si Peter. Pagktapos kumain, ipinunas niya sa kanyang suot na t-shirt ang kanyang marumingkamay.



## Tuklasin

**Si Ana**

Siya si Ana.Nagbabasa siya ng aklat. Bigla Siyangtumayo at nasabit sa pako ang kaniyang damit. Nagkaroon ng punit ang kanyang palda.



Gabay na Tanong:

1. Ano kaya ang maaari niyang gawin?
2. Ikaw ba ay marunong manahi sa kamay?
3. Alam mo ba ang mga kagamitan sa pananahi sa kamay?Magbigay ng mga kagamitang alam mo.


Sa araling ito ay malalaman mo ang tungkol sa mga kagamitan sa pananahi sa kamay at sa gamit nito.



## Suriin:

**Pangunahing Kagamitan sa Pananahi**


1. ***Karayom***
   Matalas, matulis at walang kalawang.



2. ***Sinulid***
   Matibay at hindi nangungupas.
   Dapat magkasingkulay ang sinulid at tela o damit na tinatahi.




3. ***Didal***
   Isinusuot sa daliri ng gitnang kamay upang ipanulak sa karayom sa pagtatahi. Sa ganitong paraan maiiwasang matusok ng karayom ang mgadaliri.




4. ***Gunting***
   Ginagamit ang gunting sa pagputol ng telang itatapal sa damit napunit o damit na susulsihan.Kailangang gumamit ng angkop at matalas na gunting.




5. ***Medida***
   Panukat ng tela at ng bahagi ng katawan. Ginagamit ito upang maging akma ang sukat ng telang tatahiin




6. ***Aspili***
   Matulis at ginagamit na panghawak sa telang tinatahi.




7. ***Pin cushion***
   Tusukan ng karayom at aspili upang hindi mawala at maiwasan ang aksidente gaya ng pagkatusok. Ang laman ay bulak.



8. ***Emery Bag***
   Yari sa koton. Ang laman ay buhangin o durogna plato.Hasaan ng karayom at aspili upang hindi ito kalawangin.



9. ***Sewing Box***
   Lalagyan ng mga kagamitan sa pananahi.Yari sa lata, kahon o tela.



**Sagutin ang mga tanong:**


1. Ano-ano ang mga kagamitan sa pananahi sa kamay?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
2. Ano ang gamit ng bawat isa?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________



# Pagyamanin

**Malayang Gawain 1**


Panuto: Bilugan ang mga larawan ng kagamitang gamit sa pananahi ng kamay na nasa kahon sa ibaba.



**Malayang Pagtataya1**

Panuto: Basahin ang sumusunod. Pilin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga kagamitang pananahi ang angkop sa paggupit ng telang itatapat sa damit na punit?
   A. medida C. gunting
   B. karayom D. sinulid

2. Alin sa mga kagamitan ang pin cushion?
   A. B. C.D.
      

3. Kapag hindi ginamit ang karayom at upang hindi ito kalawangin, sa aling kagamitan ito itusok?
   A. medida C. didal
   B. pincushion D. sinulid
4. Ano ang gamit ng medida?
   A. panggupit ng telang itatapal sa punit na damit.
   B. pangsukat upang maging akma ang telang gugupitin
   C. pantahi lalo na sa matigas na tela.D. lahat ng nabanggit

5. Alin ang pangunahing kagamitan sa pananahi?
   A. karayom at sinulid — C. medidaat gunting
   B. pincushion at emery bag — D. sinulid at gunting

**Malayang Gawain 2**

Panuto: Iguhit sa loob ng kahon ang mga kagamitang gamit sa pananahi ng kamay.

1. Sinulid
2. karayom
3. gunting
4. emery bag
5. pincushion

**Malayang Pagtataya 2**

Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang pangungusap ay wasto, kung mali palitan ang salitang nakasalungguhit upang maging tama ang pangungusap.

__________1. Ang medida, gunting, karayom, at sinulid ay maga kagamitan sa pananahi.
__________2. Kapag ikaw ay nagtatahi lalo na sa matigas na tela, gumamit ng didal.
__________3. Medida ang ginagamit sa pagputol ng telang itatapat sa damit na may punit.
__________4.Dapat magkasingkulay ang sinulid at tela o damit na tinatahi.
__________5. Itusok ang karayom sa sinulid kapag hindi gingamit upang hindi ito kalawangin.



## Isaisip

Gabay na tanong.

1. Anu-ano ang mga kagamitan sa pananahi sa kamay?
2. Mahalaga ba ang mga ito? Bakit?

May mga kagamitan sa pananahi sa kamay. Ang bawat isa ay may angkop na gamit.

Dapat din na tandaan natin kung paano itatago ang mga ito sa tamang paraan upang magamit sa oras na kailangan.



## Isagawa

Panuto: Ipaliwanag ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa nakalaang mga patlang sa bawat bilang.

1. Nais mong pagsama-samahin ang mga kagamitan sa pananahi. Saan mo itodapat ilalagay?

    ______________________________________________

    ______________________________________________

2. Hindi na gaanong matulis at mapurol na ang ginagamit mong karayom o aspili. Ano ang iyong gagawin?

    ______________________________________________

    ______________________________________________



## Tayahin

Panuto: Tukuyin ang kagamitan sa pananahi na inilalarawan sa bawat bilang.Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay ginagamit a pagsukat ng tela.
    A. Medida C. gunting
    B. Didal D. emery bag
2. Itinutusok ditto ang karayom kapag hindi ginagamit upang hindi kalawangin.
    A. Sewing box C. emery bag
    B. B. Pincushion D. didal
3. Ginagamit ito sa paggupit ng tela.
    A.medida C.gunting
    B.didal D.emery bag
4. Upang hindi matusok ang daliri, inilalagay mo ito sa iyong gitnang daliri.
    A. medida C. gunting
    B.didal D. emery bag

5. Ito ay magkasamang ginagamit sa pananahi.
   A. karayom at sinulid C. gunting at lapis
   B. didal at medida D. emery bag at didal
6. Ito ay pamigil sa paggalaw ng tela.
   A. karayom C. didal
   B. aspili D. medida
7. Lalagyan ng mga kagamitan sa pananahi.
   A. emery bag C. sewing box
   B. pincushion D. sinulid
8. Tusukan ng karayom at aspili.
   A. emery bag B. pin cushion
   C. sewing box D. sinulid
9. Ito ay matalas, matulis at walang kalawang.
   A. karayom B. sinulid
   C. medida D. didal
10. Ano ang gamit ng didal?
    A. panulak sa karayom
    B. panghawak sa telang tinatahi
    C. panukat ng tela
    D. panggupit ng tela



# Susi sa Pagwawasto

**Subukun**

A:
1. E
2. A
3. B
4. C
5. D

B:
1. B
2. A
3. A
4. C
5. B

**Tuklasin**
(Sariling Sagot)

**Malayang Gawain 1**
1. karayom
2. sinulid
3. gunting
4. pin cushion
5. medida

**Malayang Pagtataya 1**
1. C
2. B
3. B
4. B
5. A

Malayang Gawin 2
1. Sinulid
2. Karayom
3. Gunting
4. Emery bag
5. Pincushion

Malayang Pagtataya 2
1. Tama
2. Tama
3. Gunting
4. Tama
5. Pincusion

**Isagawa**
1. ilagay sa sewing box
2. itusok sa emery board
3. gumamit ng didal
4. sukatin gamiting medida
5. gamit ang aspili

**Tayahin**

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. B |
| 2. C | 7. C |
| 3. C | 8. B |
| 4. B | 9. A |
| 5. A | 10. A |

**Balikan**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 



**REFERENCES**


1. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP 4)
   Learner's Materials, pahina 9-11

2. https://www.istockphoto.com

3. htttps://www.lrmds.deped.gov.ph/detail/1514

4. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4
   Kagamitan ng Mag-aaral, pahina 227-231

5. Gumawa at Umunlad 4 Batayang Aklat , pahina 183-184

6. Gumawa at Umunlad 4 Patnubay ng Guro, pahina9

7. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4
   Batayang Aklat, pahina232-236